

Natatakot Ako

By: Mickah L. Claron

Sana mapagbigyan niyo ako
Kung mahina ako magsalita
Kung di ko mapahiwatig itong paksa
Paumanhin sana
Dahil katulad ninyo,
Tao lang din ako, at hindi ako perpekto

Sana maintindihan ninyo na natatakot ako
Natatakot pa rin ako
Isa parin naman akong bata
Na patuloy nawawala rito
Sa magulong mundo
Na tinatawag nating buhay

Imbis na maging matapang
At subukang humanap ng daan
Nanatili ako
Nanatili ako sa pag-aalala na tuluyan akong mawala
At di na makabalik pa

Takot ako na magkamali sa paggawa ng mga
desisyon
Na dapat magbigay solusyon
Sa mga problema kong
Matagal nang nangangailangan ng aksyon

Katulad ng isang batang natatakot matulog sa gabi
Sa pangamba na baka sa pagpikit niya ng kanyang
mga mata
Ay may multo na lalabas sa ilalim ng kanyang kama
Gusto niya sanang siguraduhing ligtas siya
Ngunit di niya ito magawa
Sapagkat inuunahan siya ng takot
Na nagsasabing meron talaga

Napupuno ako ng mga hinuha, pangamba, takot,
pag-aalala
Hinuha, pangamba, takot, pag-aalala
Napupuno ako ng mga maling akala na iniisp kong
tama
Hindi ako sumusubok sapagkat
Ayokong harapin ang aking posibleng tadhana
Na di kaaya-aya

Sinabi niyo na harapin ko ang aking mga
kinatatakutan
Na mawawala ang boses sa aking isipan

Kung kakalabanin ko siya
Pero paano ko siya paaalisin
Kung sa tinagal tagal ng panahon
Na nandiyan siya ay natutunan ko nang mabuhay
kasama siya

Sa katotohanan nga ay di ako natatakot sa kanya
Natatakot ako sa inyo
Natatakot ako sa mga mata ninyong mapanghusga
Sa mga labi ninyong nagsasabing "Mali siya"
Sa mga tenga ninyong nakasarado
Sa t'wing sumisigaw akong "Hindi Ko Kaya"

Natatakot ako na mabigo ko ulit kayo
Katulad ng pagbigyo ko sa aking mga magulang
Noong una akong bumagsak sa laguman

Natatakot ako na baka di ko maabot
Ang mga pangarap niyong masyadong matataas
Sinasabi niyo na para ito sa aking kinabukasan
Ngunit paano ko haharapin ang bukas
Kung ang dami kong bitbit ngayon?

Nabasa ko minsan sa isang libro
Na minsan tayo ay nagkakaroon ng magagandang
panaginip
Habang tayo ay natutulog
Ngunit sa tuwing pinipikit ko ang aking mga mata
Mga ala-ala ng aking pinakapapait na kahapon
Ang aking nasisilayan
Asan na ang saya? Ang tuwa? Ang tawa?
Pati ba naman sa panaginip wala akong magawang
tama?

Ano bang problema?
Ano nga ba talagang problema?
Lagi niyo akong tinatanong kung ano ang problema
Hindi ba sapat ang mga senyas?
Ang pagpapawis ng aking mga kamay?
Ang pagkawala ng buhay sa aking mukha,
Ang biglaan kong pagpunta sa banyo
O ang pagtago ko sa kwarto
Kapag kailangan ko ng humarap sa maraming tao?
Hindi lang ito isang ordinaryong kaba

Ngayon, hindi ba kayo nagtataka
Kung anong posibleng solusyon sa problema?

Siguro nga kailangan ko nang pumunta sa doctor
O uminom ng kung anu-anong mga gamot
Pero kung tatanungin niyo ako,
Ang sasabihin ko ay pagmamahal

Kailangan ko ng pagmamahal
Kailangan kong maranasan na may nandiyan para sa
akin
Handang saking sumalo sa posible kong pagkahulog
Kailangan kong maramdaman na nandiyan pa rin
kayo
Hindi ako iiwan sa kahit anong laban na haharapin ko
Kailangan ko lang ang pananatili niyo

Hindi ko kailangan ng awa
Dahil mas lalo niyo saking pinagmumukha
Na ako'y mahina
Ang kailangan ko ay pag-uunawa
Alam kong mahirap unawain
Kung paano tumatakbo ang aking isipan
Pero bago kayo sunuko,
Maari niyo man lang bang subukan?

Kasi maniwala kayo,
Pagod na akong sumuko
Pagod na akong matakot
Pagod na ako kaso hindi ko alam
Kung paano pa makakalabas sa malalim na butas na
ginawa ko
Kaya nagmamakaawa ako sainyo.
Tulungan ninyo ako

Sana napagbigyan niyo ako
Kung mahina akong magsalita
Kung di ko napapahiwatig itong paksa
Paumanhin sana,
Hanggang dito lang ang aking makakaya

